

COVID-19 INFORMATION

ADDITIONAL VACCINE DOSES FOR TRAVELLERS



alberta.ca/covid19

Alberta

Ang mga Albertans na naglalakbay sa mga lugar na hindi kinikilala ang AstraZeneca o halo-halong mga bakuna sa serye ay maaari na ngayong makakuha ng karagdagang dosis.

Dalawang wastong dosis ng anumang bakunang ginamit sa Alberta ay itinuturing na isang kumpletong serye at nagbibigay ng mahusay na proteksyon laban sa COVID-19. Ang ilang mga hurisdiksyon sa labas ng Canada ay ipinahiwatig na hindi nila tatanggapin ang mga bisita na nabakunahan ng AstraZeneca o halo-halong dosis.

Kung nangangailangan ka ng karagdagang dosis upang maglakbay, maaari kang mag-book online sa alberta.ca/vaccine, sa pamamagitan ng pagtawag sa 811 o sa pamamagitan ng mga botika at mga tanggapan ng doctor na nag-aalok ng pagbabakuna. Maghintay ng hindi bababa sa 4 na linggo pagkatapos nang pangalawa mong dosis upang mag-book.